

7 Pag-asang Nagkakaloob

Panimula

Paano pagkasyahin ang kaunti?

Maraming pamilyang Pilipino ang nahihirapang pagkasyahin ang kanilang kita para sa pang-araw-araw na pangangailangan. Pero kahit sa panahon na kapos, nananatiling totoo ang mga pangako ng Diyos. Siya ang ating Tagapagkaloob, at pinagpapala Niya ang mga tapat sa Kanya sa lahat ng bahagi ng buhay.

Ang pagiging katiwala ay tungkol higit pa sa pera. Kasama rito ang tamang pamamahala sa lahat ng ipinagkaloob sa atin ng Diyos—oras, talento, kalusugan, at mga relasyon.

Kapag nagtitiwala tayo sa Diyos at handang ibalik ang hinihingi Niya, binubuksan natin ang pintuan para sa Kanyang mga pagpapala. Nangako Siya na ipagkakaloob ang lahat ng ating pangangailangan ayon sa Kanyang mayamang biyaya.

Si Jesus—ang ating Pag-asa—ay Siyang Dakilang Tagapagkaloob natin.

Ayon sa ulat ng Philippine Daily Inquirer noong Marso 17, 2025, mula sa isang bagong survey ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP), gumastos ang mga pamilyang Pilipino ng average na ₱19,242 kada buwan para sa kanilang mga pangangailangan noong 2021.

Ayon sa survey sa 16,212 pamilya, 57.2% ng kanilang gastusin ay napunta sa pagkain—pinakamalaking bahagi sa kanilang badyet, kagaya rin ng mga naunang survey. Ang pabahay at kuryente ay nasa 10.6%, na katumbas ng ₱2,061 kada buwan. Sunod naman ang transportasyon na umaabot sa 7.2 porsyento ng gastusin, o P1,798 bawat buwan. Ang natitirang 8.6% ay napunta sa mga hindi pangunahing pangangailangan, tulad ng alak, sigarilyo, droga, at libangan.

Pagtalakay

Ang pagiging katiwala ay hindi lang tungkol sa pera. Ito ay tungkol sa tamang pamamahala sa lahat ng ipinagkatiwala sa atin ng Diyos. Kabilang dito ang oras, talento, kalusugan, pera, at maging kalikasan. Narito ang sampung prinsipyo mula sa Biblia na magtuturo sa atin kung paano maging tapat na katiwala habang hinihintay natin ang pagbabalik ni Kristo.

1. Kilalanin na ang Diyos ang may-ari ng lahat

Awit 24:1 – *“Ang buong daigdig at ang lahat ng narito ay pag-aari ng Panginoon.”*

- Nagsisimula ang pagiging katiwala sa pagkilala na ang lahat ng bagay ay pag-aari ng Diyos—ang ating buhay, kakayahan, ari-arian, at maging ang hangin na ating nilalanghap.
- Hindi tayo mga may-ari, kundi mga tagapangalaga ng mga ito.
- Dahil dito, magbabago ang paraan ng ating paggamit sa mga bagay na meron tayo. Sa halip na maging makasarili, itanong natin, “Paano ko ito magagamit upang parangalan ang Diyos?”

Tanungin ang sarili: Tinatanggap ko ba na ang lahat ng mayroon ako ay galing at pag-aari ng Diyos?

2. Maging tapat sa maliit at malaking bagay

Lucas 16:10 – *“Ang mapagkakatiwalaan sa maliit na bagay ay mapagkakatiwalaan din sa malaki.”*

- Sinusubok ng Diyos ang ating katapatan sa maliliit na bagay bago Niya ipagkatiwala sa atin ang mas malalaking pagpapala.
- Kung inaaksaya natin ang oras, pinapabayaang kalusugan, o hindi maayos ang paghawak sa pera, paano tayo pagkakatiwalaan ng Diyos ng mas malaking responsibilidad?
- Ang tapat na katiwala ay nakikita ang bawat desisyon bilang subukan ng karakter—mapa-pera man, *ethical choices*, o katapatan sa trabaho.

Tanungin ang sarili: Ako ba ay tapat sa pamamahala ng maliliit na bagay na ipinagkatiwala sa akin ng Diyos?

3. Parangalan ang Diyos sa pamamagitan ng ikapu at handog

Malakias 3:10 – *“Dalhin ninyo ang buong ikasampung bahagi sa kamalig... Subukin ninyo ako sa bagay na ito.”*

- Ang pagbabalik ng ikapu (10%) at handog ay pagsamba, pagtitiwala, at pasasalamat.
- Pinaaalala nito sa atin na ang Diyos ang pinagmumulan ng lahat ng pagpapala at tayo'y nagbabalik lamang ng kung ano ang sa Kanya.
- Ang pagiikapu ay subukan ng ating pananampalataya—nagtitiwala ba tayo na ipagkakaloob ng Diyos ang ating mga pangangailangan kapag tayo'y nagbibigay?

Tanungin ang sarili: May sapat ba akong tiwala sa Diyos upang ibalik ang aking ikapu at masayang magbigay ng mga handog?

4. Gamitin ang oras nang may karunungan para sa kaluwalhatian ng Diyos

Efeso 5:16 – *“Samantalahin ninyo ang bawat pagkakataon dahil ang panahon ay masama.”*

- Mahalagang regalo ang oras—kapag nawala, hindi na maibabalik.
- Ang tapat na katiwala ay inuuna ang mga bagay tunay na mahalaga: araw-araw na debosyon, paglilingkod, pamilya, at espirituwal na paglago.
- Ang mga sagabal tulad ng social media, libangan, at labis na pagiging abala ay maaaring magnakaw ng oras na para sa gawain ng Diyos.

Tanungin ang sarili: Ginagamit ko ba nang may karunungan ang aking oras, o sinasayang ko ang mga pagkakataong upang lumago sa espiritu at maglingkod sa kapwa?

5. Paunlarin at gamitin ang talento para sa gawain ng Diyos

1 Pedro 4:10 – *“Bilang mabubuting katiwala ng iba't-ibang kaloob ng Diyos, gamitin ninyo ang anumang kaloob na tinanggap ninyo upang maglingkod sa isa't isa.”*

- Ipinagkaloob ng Diyos sa bawat isa ang natatanging kakayahan at talento—pagtuturo, musika, pamumuno, sining, pagsusulat, pag-aasikaso sa iba, at marami pang iba.
- Ang mga kaloob na ito ay hindi dapat itago kundi paunlarin at gamitin upang pagpalain ang iba at luwalhatiin ang Diyos.
- Tulad sa Talinghaga ng mga Talento (Mateo 25:14-30), inaasahan ng Diyos na palaguin natin ang mga talentong ito at hindi itago dahil sa takot o katamaran.

Tanungin ang sarili: Ginagamit ko ba ang mga talento na ibinigay sa akin ng Diyos para sa Kanyang gawain?

6. Ipangilin ang Sabbath bilang Banal na Katiwala ng Oras

Exodo 20:8-10 – *“Alalahanin mo ang Araw ng Sabbath upang ipangilin.”*

- Ang Sabbath ay itinakdang panahon ng Diyos para sa pagsamba, pagpapahinga, at pagninilay.
- Ang pag-iingat ng Sabbath ay nagpapaalala sa atin na ang ating oras ay pag-aari ng Diyos, at hindi tayo dapat maging alipin ng trabaho at mga presyur ng mundong.
- Ang Sabbath ay kaloob din ng Diyos para sa pagpapanibagong lakas – ng katawan, isipan, at espiritu.

Tanungin ang sarili: Ipinangingilin ko ba ang Sabbath bilang banal na araw na inilalaan lamang para sa Diyos?

7. Pangalagaan ang katawan bilang templo ng Banal na Espiritu

1 Corinto 6:19-20 – *“Ang inyong katawan ay templo ng Banal na Espiritu... Kaya’t gamitin ninyo ang inyong katawan upang luwalhatiin ang Diyos.”*

- Ibinigay sa atin ng Diyos ang ating katawan, at inaasahan Niyang ito’y ating iingatan sa pamamagitan ng tamang pagkain, ehersisyo, at sapat na pahinga.
- Ang pag-iwas sa mapaminsalang mga bagay gaya ng alak, sigarilyo, at hindi masusustansyang pagkain ay paraan ng pagpaparangal sa Diyos.
- Ang mabuting kalusugan ay nagbibigay kakayahan sa atin na higit pang makapaglingkod sa Kanyang kaharian.

Tanungin ang sarili: Iniingatan ko ba ang aking katawan bilang templo ng Diyos o pinipinsala ito sa dahil sa maling paraan ng pamumuhay?

8. Protektahan at pangalagaan ang kalikasan

Genesis 2:15 – *“Inilagay ng Panginoong Diyos ang tao sa halaman ng Eden upang ito’y kanyang linangin at pangalagaan.”*

- Bilang mga katiwala ng kalikasan, tungkulin nating pangalagaan ang kalikasan, magbawas ng basura, at mamuhay nang responsable.

- Kasama dito ang pagtitipid sa tubig, pagbabawas ng polusyon, at paggalang sa mga hayop.
- Ang pangangalaga sa kalikasan ay paraan ng pagsamba – pinarangalan natin ang Diyos kapag iniingatan natin ang Kanyang mga nilika.

Tanungin ang sarili: Inaalagaan ko ba ang kalikasan bilang katiwala ng Diyos?

9. Iwasan ang utang at maging responsable sa pananalapi

Kawikaan 22:7 – *“Ang nangungutang ay alipin ng nagpapautang.”*

- Ang utang ay maaaring maging pasanin na naglulubog sa atin sa alalahanin at humahadlang sa ating kakayahang suportahan ang gawain ng Diyos.
- Ang pamumuhay ayon sa kinikita, matalinong pag-iimpok, at pag-iwas sa pangungutang ay nagbibigay kaluwalhatian sa Diyos.
- Ang tapat na katiwala ay maingat sa pananalapi upang maging pagpapala sa iba.

Tanungin ang sarili: Ako ba ay may disiplina sa paggamit ng aking pera, o alipin ako ng utang at mga hindi kailangang gastusin?

10. Maghanda sa pagbabalik ni Kristo sa pamamagitan ng pagiging tapat na katiwala

Mateo 25:21 – *“Magaling! Tapat at mabuting lingkod! Naging tapat ka sa kaunting halaga, kaya't pamamahalin kita sa malaking halaga. Samahan mo ako sa aking kagalakan!”*

- Ang pagiging katiwala ay hindi lang tungkol sa pamamahala ng mga bagay sa lupa—ito rin ay paghahanda para sa buhay na walang hanggan.
- Lahat ng ating ginagawa—kung paano natin ginagamit ang oras, talento, kalusugan, pananalapi, at maging ang pangangalaga sa kalikasan—ay bahagi ng ating paghahanda sa pagbabalik ni Cristo.
- Dapat tayong mamuhay araw-araw na tila si Jesus ay babalik anumang sandali, sinisigurado na ang ating mga prayoridad ay nakaayon sa Kanyang kalooban.

Tanungin ang sarili: Ako ba ay namumuhay bilang tapat na katiwala, handang salubungin si Jesus sa Kanyang pagbabalik?

Panawagan

Pinagkatiwalaan tayo ng Diyos ang maraming pagpapala at Siya'y nakamasid kung paano natin ito pinamamahalaan.

- Magiging tapat ka ba na katiwala ng iyong oras, talento, kalusugan, pananalapi, at kalikasan?
- Pararangalan mo ba ang Diyos sa bawat bahagi ng iyong buhay?
- Maririnig mo ba mula kay Jesus ang mga salitang, “Magaling! Mabuti at tapat na alipin,” sa Kanyang pagbabalik?

Magpasya ka ngayon na mamuhay bilang tapat na katiwala habang naghahanda sa nalalapit na pagbabalik ni Cristo.